KONGRESO SA PAGPAPLANONG PANGWIKA, ISASAGAWA MATAPOS ANG 79 NA TAON

Matapos ang 79 na taon, muling magkakaroon ng pagpaplanong pangwika sa Filipinas na pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Mangyayari ang **Kongreso sa Pagpaplanong Pangwika** mula 5–7 Agosto 2015 sa Sison Auditorium, Capitol Compound, Lingayen, Pangasinan.

Noon pang 1936 nagkaroon ng mga paunang hakbang sa pagpaplanong pangwika. Sinundan ito ng paghirang sa Tagalog bílang batayang wika ng wikang pambansa. Inaasahan ngayon sa kongreso ang mga makabuluhang pag-uusap, pagtatalakay, at paglalatag ng mga solusyon sa suliraning pangwika na makikita sa iba’t ibang larang ng lipunang Filipino.

Magbibigay ng panayam ang dalubhasa sa iba’t ibang aspekto ng wika at kultura. Kabilang sa mga tagapanayam sina Dr. Galileo S. Zafra (UP Diliman), Dr. Jimmy B. Fong (UP Baguio), Dr. Ruth Elynia S. Mabanglo (University of Hawaii), Prop. Delfin L. Tolentino (UP Baguio), Dr. Joseph T. Salazar (ADMU), Dr. Mario I. Miclat (UP Diliman), at Dr. Masanao Oue (Osaka University).

Bahagi ang kongreso sa mga iginagayak na proyekto ng KWF para sa pagdiriwang ng wikang pambansa na may temang *Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran*. Maaaring tumawag sa 736-2525 local 101 at hanapin si Jeslie O. Del Ayre, o magpadala ng email sa komisyonsawika@gmail.com. Bisitahin din ang kwf.gov.ph para sa balita hinggil sa kongreso at iba pang proyekto ng KWF.